## Paano ako maghahanda para sa paglilitis?

Kunin ang lahat ng impormasyong may kinalaman sa iyong kaso, tulad ng mga testigo o dokumentong sumusuporta sa pagpapalayas.

Magdala ng 3 kopya ng lahat ng iyong dokumento.  Kung ang testigo ay ayaw pumunta sa hukuman, maaari mo siyang padalhan ng subpoena. Para sa tulong sa subpoena, puntahan ang ACCESS Center, Silid 208.

## Ano ang mangyayari kung manalo ako?

1. Ang hukuman ay magbibigay ng isang *Judgment of Possession*. Ito ay magbabalik sa iyo ng iyong ari-arian.
2. Kumuha ng *Writ of Execution*. Ito ay nagpapahintulot sa Siyerip na tanggalin at huwag papasukin ang umuupa sa ari-arian.
3. Ang Siyerip ay maghahain sa umuupa ng *Notice to Vacate (Paunawa Para Umalis)* sa ari-arian. Ito ay magbibigay sa iyo ng 5 araw para umalis. Kung ang umuupa ay hindi umalis, at Siyerip ay magtatanggal at hindi magpapasok sa umuupa.
4. Ang umuupa ay maaaring humingi ng *Stay of Execution (Pag-antala ng Pagpapatupad)*. Kapag ipinahintulot ng hukom, ito ay magpapatigil o pagpapaantala sa pagpapalayas. Karaniwan, ito ay magbibigay sa umuupa ng higit na oras upang umalis — karaniwang mga isang linggo. Ang umuupa ay kailangang magbayad ng renta para sa dagdag na isang linggo.
5. Ang umuupa ay makakaapela o makakapagharap ng mosyon upang isantabi (kanselahin) ang Hatol. Ito ay hindi magpapatigil sa pagpapalayas. Ang tanging paraan para mapigilan o mapatagal ang pagpapalayas ay ang paghingi ng isang *Stay of Execution*.

## Paano kung hindi ako magaling magsalita ng Ingles?

Ang hukuman **ay walang** mga tagasalin para sa mga kaso ng labag sa batas na pag-antala. Kung hindi ka nagsasalita at nakakaintindi ng Ingles, magsama ng may sapat na gulang na maaaring magpaliwang sa iyo. O, maaari kang kumuha ng sariling tagasalin.

## Paano kung ako ay bingi?

Hingan ang hukuman ng isang tagasalin sa pamamagitan ng senyas na salita.

## Kailangan ng tulong?

Para sa isang abugado, tumawag sa Serbisyong Pagrekomenda ng Abugado: 415-989-1616


Upang malaman kung paano tutulungan ang sarili, pumunta sa:

ACCESS Center
Civic Center Courthouse
Silid 208
400 McAllister Street
San Francisco, CA 94102
*(kanto ng Polk at McAllister)*

UD Landlord 05/03   Tagalog

# Kailangang magpalayas ng umuupa?

**Isang patnubay sa mga kasero**



ACCESS

**San Francisco Superior Court**
400 McAllister Street
Room 208
San Francisco, CA
94102-4514

**415.551.5880**
www.sfgov.org/courts

## Paano ko papalayasin ang umuupa sa akin?

1. Bigyan ng *paunawa* ang umuupa sa iyo. Karaniwan, ito ay 3-araw o 30-araw na paunawa. Ang paunawa ay napakahalaga at dapat mong gawin nang tama. Humingi ng tulong sa isang abugado kung ikaw ay hindi sigurado kung paano gagawin ito.
2. Kapag ang umuupa sa iyo ay hindi ginawa ang hinihingi ng paunawa sa loob ng huling araw na nasa paunawa, magharap ng *Unlawful Detainer (Labag sa Batas na Pag-antala).*

## Paano ako magsisimula ng isang kasong *Unlawful Detainer*?

1. **Magharap ng isang *Summons (Abiso)* at *Complaint (Reklamo)*** sa opisina ng klerk, Silid 103.
2. **Hainan ang umuupa ng** kopya ng *Summons* at *Complaint.*
3. **Magharap ng iyong *Proof of Service (Katunayan ng Paghahain).***

## Mayroon bang bayad?

Oo. Ngunit, kung hindi mo makakayang magbayad, humingi ng Fee Waiver (Pagtalikdan sa Pagbabayad). Upang gawin ito, magharap ng *Application for Waiver of Court Fees and Costs (Aplikasyon para sa Pagtalikdan sa mga Bayad at Gastos sa Hukuman)* kapag nagharap ka ng *Summons* at *Complaint.*

## Saan ako makakakuha ng mga pormang kailangan ko?

Pumunta sa:

- Opisina ng Klerk, Silid 103, o
- ACCESS Center, Silid 208, o
- Kunin mula sa: www.courtinfo.ca.gov/forms

## Gaano katagal para sumagot ang umuupa?

Kung ang umuupa ay hinainan nang personal, ang umuupa ay may 5 araw upang magharap ng sagot.

Kung ang umuupa ay hinainan sa pamamagitan ng koreo, ang umuupa ay may 15 araw upang magharap ng sagot.

## Ano ang mangyayari kung ang umuupa ay hindi sumagot sa oras na kailangan?

Humingi sa hukuman ng utos na panig sa iyo. Ito ay tinatawag na “default judgment (hatol dahil sa pagpalya)”. Maraming dokumentong kailangan mong iharap para magawa ito. Itanong sa isang abugado o humingi ng tulong sa ACCESS Center, Silid 208.

## Paano kung sumagot ang umuupa?

Ang umuupa ay makakapagharap ng *Answer (Sagot)*, ng *Demurrer (Hiling na Pawalang-saysay)*, o ibang uri ng mosyon. Ang umuupa ay maghahain sa iyo ng kopya ng anumang iniharap niya. Pangkaraniwan, ang umuupa ay maghaharap ng *Answer*.

Kung ang umuupa ay magharap ng Answer.

1. Sa sandaling hainan ka ng *Answer*, magharap ng *Memorandum to Set for Trial (Memo upang Itakda ang Paglilitis).* Ang iyong paglilitis ay magaganap sa loob ng 20 araw.
2. Humigit-kumulang sa isang linggo, ang klerk ng hukuman ay ipapakoreo sa iyo at sa iyong kasero ang petsa, oras at lugar ng paglilitis.
3. Kung ito ay isang paglilitis sa pamamagitan ng hurado, ipapakoreo rin ng klerk ang petsa, oras at lugar ng Pagkakasundong Pagdinig. Ito ay ang pagpupulong sa pagitan mo at ng umuupa upang makamit ang isang kasunduan bago humantong sa paglilitis — kalimitan ay isang linggo bago ang paglilitis.

Kung ang umuupa ay magharap ng anumang bagay na iba sa *Answer*, humingi ng tulong sa isang abugado.

## Magkakaroon ba ng paglilitis sa pamamagitan ng hurado?

Alinman sa iyo o sa iyong kasero ay maaaring humingi ng huradong paglilitis.
Ito ay nangangahulugang ang hurado, hindi ang hukom, ang gagawa ng desisyon. Upang humingi ng paglilitis sa pamamagitan ng hurado, kailangan kang magharap ng kahilingan sa opisina ng klerk.